Australian Government

# Pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga 2024-2034



## Plano sa Pagkilos 2024–2027

ISBN: 978-1-921647-46-8 (Online)

ISBN: 978-1-921647-29-1 (i-printa)

Ang National Carer Strategy 2024-2034 ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution 4.0 International Licence

URL: https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/legalcode

Mangyaring iugnay ang: © Komonwelt ng Australia (Kagawaran ng Serbisyong Panlipunan) [2024]

**Paunawa:**

- Kung lumikha ka ng kopyang-ginaya (derivative) ng dokumentong ito, hinihiling ng Department of Social Services ang sumusunod na abiso na ilagay sa iyong derivative: Batay sa data ng Commonwealth of Australia (Department of Social Services).
- Ang mga pagtatanong tungkol sa lisensyang ito o anumang iba pang paggamit ng dokumentong ito ay malugod na tinatanggap.
Mangyaring makipag-ugnay sa: Branch Manager, Communication Services Branch, Department of Social Services. Telepono: 1300 653 227. Email communication@dss.gov.au

**Pansinin ang pagtukoy sa iba pang materyal o karapatan sa lathalaing ito:**

- Australian Commonwealth Coat of Arms – hindi Lisensyado sa ilalim ng Creative Commons, tingnan sa https://www.pmc.gov.au/honours-and-symbols/commonwealth-coat-arms
- Ilang larawan at larawan (tulad ng minarkahan) – hindi lisensyado sa ilalim ng Creative Commons.



## Pagkilala sa Bansa

Kinikilala ng Pamahalaang Australyano ang mga mamamayang Aborihinal at Taga-islang Torres Strait sa buong Australya at ang patuloy nilang koneksyon sa lupa, tubig, kultura at komunidad. Nagpupugay kami sa mga Tagapag-ingat (Elders/Custodian) nang nakaraang panahon at kasalukuyan.

## Babala sa nilalaman

Pinapayuhan ang mga mambabasa na Aborihinal at Taga-islang Torres Strait na ang dokumentong ito ay maaaring maglaman ng mga imahe ng mga taong yumao na.

# Tulong at suporta

Mangyaring magkaroon ng kamalayan na ang dokumentong ito ay naglalaman ng impormasyon na maaaring nakakabagabag sa mga mambabasa. Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa mga karanasan at paghamon na kinakaharap ng mga tagapag-alaga sa Australya. Kung kailangan mo ng suporta upang harapin ang mga paghihirap ng damdamin pagkatapos basahin ang papel na ito, may mga libreng serbisyo na magagamit upang matulungan ka.

## Programa ng mga libreng serbisyo at tulong para sa tagapag-alaga

- Tawagan ang **1800 422 737**, Lunes hanggang Biyernes, alas-8 ng umaga hanggang alas-5 ng hapon para sa suporta at serbisyo.
- Bisitahin ang Carer Gateway.

## Pangsuportang Serbisyo ng Beyond Blue

- Tawagan ang **1300 224 636**, 24 oras, 7 araw sa isang linggo o makipag-chat sa online alas-3 ng hapon hanggang alas-12 ng hatinggabi AEST, 7 araw sa isang linggo o bisitahin ang Beyond Blue.

## Pangsuporta sa Krisis ng Lifeline

- Nagbibigay ng suporta kung ikaw ay nakakaramdam ng labis na pagkabalisa, nahihirapang makayanan o iniisip ang pagpapakamatay.
- Makipag-usap sa isang manggagawa sa suporta sa krisis sa telepono sa **13 11 14**, 24 oras, 7 araw sa isang linggo.
- Mag-text sa **0477 13 11 14** o makipag-chat sa online para sa suporta, 24/7. O bisitahin ang pangsuporta sa Krisis ng Lifeline.

## 1800RESPECT

- Para sa suporta kung ikaw ay apektado ng sekswal na pang-aatake o karahasan sa pamilya o pagka-abuso.
- Tawagan ang **1800 737 732**, 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, makipag-chat sa online 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo o bisitahin ang 1800RESPECT.

## 13PAGSASALAYSAY (YARN)

- Serbisyo sa Unang Mga Bansa (First Nations) na nagbibigay ng ligtas sa kulturang pangsuporta sa krisis. Tumawag sa **13 92 76**, 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo o bisitahin ang 13YARN.

## QLife

- Nagbibigay ang QLife ng hindi nagpapakilala at libreng suporta at pagsasangguni para sa LGBTQIA+ peer na mga tao sa Australya.
- Tumawag sa **1800 184 527**, bukas ang opisina mula alas-3 nang hapon hanggang hatinggabi, araw-araw o bisitahin ang QLife - Support and Referrals.

## Nakabukas ang Mga Palad na Pagpapayo para sa mga Beterano at Pamilya (Open Arms Veterans and Family Counselling)

- Bilang tagapag-alaga ng isang beterano, o isang beterano na tagapag-alaga, maaari kang makipag-ugnay sa Nakabukas ang Mga Palad (Open Arms) upang malaman kung ano ang suporta at serbisyo na magagamit para sa iyo o sa iyong mga mahal sa buhay.
- Tumawag sa **1800 011 046** o bisitahin ang Open Arms - Veterans & Families Counselling.

## eheadspace

- Ang eheadspace ay isang pambansang pangsuportang serbisyo sa online at telepono para sa mga kabataang edad sa pagitan ng 12 at 25. Magagamit mula alas-9 ng umaga hanggang ala-1 ng umaga AEST araw-araw.
- Tumawag sa **1800 650 890** o bisitahin ang Online at suporta sa telepono headspace.

# Mga Nilalaman


**Panimula: Ang aming pangako sa pagtutulak ng pagbabago** ........ 6

Ang National Carer Strategy sa isang tingin ........ 7

Pagpapatupad ng Pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga ........ 8

**Plano ng Pagkilos: Pagpapabuti sa mga buhay ng mga hindi binabayarang tagapag-alaga** ........ 9

**Paano natin susukatin ang progreso?** ........ 17

**Mga Karagdagan** ........ 19

Karagdagan 1: Talasalitaan ng mga kataga ........ 19





Champion

# Panimula: Ang aming pangako sa pagtutulak ng pagbabago

Sa panahong ang napakamahalagang kontribusyon ng mga hindi binabayarang tagapag-alaga ay madalas na hindi nabibigyang-pansin, ang aming pangako sa pagtutulak ng pag-iibang anyo na pagbabago ay lalong napakamahalaga kaysa kailanman.

Ang National Carer Strategy 2024-2034 (ang Strategy) ay kumakatawan sa isang mahalagang hakbang tungo sa pagbibigay-pansin at pagsuporta sa mga nakatuong-loob na indibidwal na ito, sa pagganap ng isang mahalagang papel sa ating mga komunidad. Sa pamamagitan ng paghahanay ng aming mga aksyon sa mga rekomendasyon na nagmula sa Pagtatanong (Inquiry) sa ulat ng pagparangal sa mga hindi binabayarang mga tagapag-alaga, Pagpaparangal, pagpapahalaga at pagsuporta sa mga hindi binabayarang mga tagapag-alaga – Parliyamento ng Australia (aph.gov.au), layunin naming lumikha ng matibay na balangkas na hindi lamang magpaparangal sa kanilang mga kontribusyon kundi magbibigay din ng kapangyarihan sa kanila sa pamamagitan ng mga naka-target na inisyatiba at mga pagtutulungan sa mga pagsisikap.

Ang Istratehiya na ito ay isang pagpapatunay ng ating dedikasyon sa pagtataguyod ng isang kapaligiran na ang mga tagapag-alaga ay makakadamang sila ay pinahahalagahan, sinusuportahan at binigyang-lakas para maging maunlad.

Parehong ang Istratehiya at ang Plano ng Pagkilos 2024-2027 ay binuo na may pagkonsultasyon sa mga tagapag-alaga at ang sektor ng pangsuporta ng tagapag-alaga sa buong Australya, kabilang ang mga tagapagbigay ng Serbisyo ng Carer Gateway at ang National Carer Strategy Advisory Committee (ang Advisory Committee) na binubuo mula sa hanay ng may mga nagkakaiba't-ibang kinagisnan na mga tagapag-alaga.

Ang parehong mga dokumento ay ipinaalam sa pamamagitan ng mga pagsusumite sa, at mga kinalabasan ng House of Representatives Inquiry sa pagpaparangal sa mga hindi binabayarang mga tagapag-alaga. Sinusuportahan ng plano ng pagkilos na ito ang ilang mga rekomendasyon na nanggaling sa Pagtatanong (Inquiry).

Sa pang-unang taon, ang Istratehiya ay nangangako na:

- maghahatid ng isang balangkas ng mga resulta
- maglalabas ng Plano ng Pagkilos
- makikipagtulungan sa mga namumuhunan (stakeholders) upang pasimulan ang pagbubuo at pagpapatupad ng mga paunang aksyon.

Ang mga aksyon na nakabalangkas sa plano na ito ay magtutulak ng paunang positibong pagbabago para sa mga tagapag-alaga, na naglalatag ng isang pundasyon para sa patuloy na pagpapabuti at ang pagpapa-unlad at pagpapatupad ng gawain sa hinaharap upang matiyak na ang pinapangarap ng Istratehiya ay natupad.

Ang mga katulong (suite) na ito sa mga paunang pagkilos ay mga gagawing bagay (items) na bubuuin at ipapatupad sa isang maikling tinutukang panahon at may agarang positibong epekto para sa mga tagapag-alaga, tulad ng pagpapalawak sa mga inaalok na serbisyo ng Carer Gateway at isang pormal na pagrerepaso sa *Carer Recognition Act 2010*. Hangad naming mas maunawaan ang ginagalawang larangan (landscape) ng tagapag-alaga sa pamamagitan ng paggagalugad ng mga pagkakataon para sa pinahusay na pangongolekta ng mga datos at katibayan. Pagbubutihin namin ang pagbibigay kamalayan para sa mga tagapag-alaga at sa kanilang ginagampanang tungkulin sa pag-aalaga sa buong komunidad ng Australya. Susuportahan namin ang mga tagapag-alaga na makamit ang seguridad sa pananalapi sa pamamagitan ng pagpapahusay ng mga pagkakataon para sa pakikilahok sa kapwershan ng trabaho, sa edukasyon at pagsasanay.

Ang pagdidisenyo na kasama ang komunidad ng tagapag-alaga ay magtitiyak na ang mga suporta at inisyatiba ay tunay na magpapaliwanag sa mga pangangailangan ng mga tagapag-alaga sa Australya. Isang nagpapatuloy sa pangangasiwa na Carer Advisory Committee ang magbubuo, magpapatupad, magsusubaybay at magrerepaso sa Istratehiya at mga aksyon.

# Ang National Carer Strategy sa isang tingin

## Pananaw

Isang komunidad ng Australya na ang lahat ng mga tagapag-alaga ay pinaparangalan, pinahahalagahan at binigyang kapangyarihan ng suportang kinakailangan nila upang lubos na makilahok sa lipunan at tuparin ang kanilang ginagampanang tungkulin sa pag-aalaga.

## Mga Tuntunin

Ang mga prinsipyong magkasamang dinisenyo ay dapat maggabay sa pagkoordinasyon at paghahatid ng mga may-kaugnayan at may nakakaapektong patakaran at inisyatiba sa tagapag-alaga sa kabuuang mga ahensya ng Pamahalaan ng Australya.

- **Nakasentro sa Tagapag-alaga:** Ang naging tunay-na-buhay na karanasan ng mga tagapag-alaga ay isasama sa magkasamang disensyo at magkasamang pagsasagawa ng mga patakaran, suporta at serbisyo para sa mga tagapag-alaga. Ang mga naging tunay-na-buhay na karanasan ng mga tagapag-alaga ay isasama sa mga proseso ng pagtatasa.
- **May-kaalaman sa ebidensya:** Mga patakaran sa tagapag-alaga, suporta at serbisyo ay ipagbibigay-alam sa pamamagitan ng katibayan, at ang pagbabago ay gagamitin upang harapin ang mga paghamon na naranasan ng mga tagapag-alaga.
- **Naa-access, pantay-pantay at mapangkupkop:** Mga patakaran, suporta at serbisyo ng tagapag-alaga ay mapangkupkop at ipinasadya upang tumugon sa mga pangangailangan ng mga tagapag-alaga, sa lahat ng mga yugto ng pag-aalaga, pagpaparangal sa pagkakaibat-iba ng mga tagapag-alaga, at ang kahalagahan ng kultura at sikolohikal na kaligtasan.
- **Sinusuportahan ang personal na kalayaan:** Ang disenyo ng mga patakaran, suporta at serbisyo para sa mga tagapag-alaga ay magbibigay-kaya sa kanilang mga mapagpipiliang naangkop sa kanila.
- **May kalinawan at may pananagutan:** Ang mga kagawarang pederal ng pamahalaan ay mananagot sa paghahatid ng Istratehiya at may kalinawan sa kanilang mga proseso upang mas mahusay na magbigay parangal at pahalagahan ang mga tagapag-alaga.

## Mga Layunin

Ang mga layunin ay ang mga resulta na nais naming makamit para sa mga tagapag-alaga.

- Ang mga tagapag-alaga ay natukoy, pinaparangalan, iginagalang, at pinahahalagahan.
- Ang mga tagapag-alaga ay nabigyang-kapangyarihan na magkaroon ng katuparan sa kanilang mga buhay habang ginagampanan ang kanilang tungkulin sa pag-aalaga.
- Ang pisikal at mental na kalusugan, kaligtasan, kagalingan, at seguridad sa pananalapi ng mga tagapag-alaga ay suportado.

## Mga lugar na prayoridad ang resulta

Ang mga lugar na prayoridad ang resulta ay mga lugar na pagtutuunan ng aming mga pagsisikap upang makamit ang pinapangarap at layunin ng Istratehiya. Tandaan: Ang mga lugar na prayoridad ang resulta ay hindi nilagyan ng bilang na ayon sa kahalagahan. Ang mga ito ay nilagyan ng bilang para sa madaling pagsasangguni.

1. Ang pamahalaan, ang komunidad at mga serbisyo ay nakakakita at nagpapahalaga sa mga tagapag- alaga, kinikilala ang kanilang kadalubhasaan at kontribusyon, at lumilikha ng isang kapaligirang nagbibigay daan sa mga tagapag-alaga upang matukoy sa pinakamaagang pagkakataon.
2. Ang mga tagapag-alaga ay maaaring maka-access sa mga suporta, serbisyo at programa sa tamang oras, tamang lugar at sa tamang paraan.
3. Magtitiyak na ang mga tagapag- alaga ay may kakayahang bumuo ng kaalaman at kasanayan kapag kinakailangan upang matupad ang kanilang tungkulin sa pag-aalaga.
4. Ang mga tagapag-alaga ay maaaring maka-access, at lumahok sa trabaho at edukasyon o pagsasanay, kabilang ang upang mapabuti ang kanilang pinansiyal na kagalingan.
5. Ang mga tagapag-alaga ay may access sa mga suporta na pinangangalagaan ang kanilang sikolohikal, pisikal at panlipunang kagalingan.
6. Buuin ang basehan ng katibayan tungkol sa mga tagapag-alaga upang mas maunawaan kung sino ang mga tagapag-alaga, kabilang ang kanilang pagkakaiba't-ibang kinagisnan, kung ano ang kanilang naging mga karanasan, kung ano ang gumagana para sa kanila at kung bakit.

## Ang susunod na mga hakbang

- **Aksyon** – Bubuuin ang mga plano ng pagkilos na isinasama ang pinakabagong balikpuna at teorya ng pagbabago.
- **Pagsukat ng tagumpay** – Ang isang diskarte na pagsusubaybay, katibayan at pagtatasa ay ipatutupad na kinabibilangan ng isang teorya ng pagbabago, isang balangkas ng kinalabasan at isang balangakas ng pagsusubaybay at pagtatasa.
- **Magkasamang dinisenyo** – Ang mga tinig at pananaw ng mga tagapag-alaga ang magbibigay-alam at maggagabay sa pagpapatupad ng Istratehiya, pagsusubaybay at pagrerepaso upang matiyak na maihahatid ang mga resulta at natutugunan ang mga layunin.

# Pagpapatupad ng Pambansang Istratehiya sa Pag-aalaga

1. **Pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga**
2. **Plano sa Pagkilos 2024-2027**
3. **Mga Teorya ng Pagbabago**
4. **Balangkas ng Mga Resulta**
5. **Balangkas ng Pagtatasa**
6. **Patuloy na pagkilos upang mapabuti ang mga kinalabasan para sa mga tagapag-alaga**

# Plano ng Pagkilos: Pagpapabuti sa mga buhay ng mga hindi binabayarang tagapag-alaga

Ang Action Plan na ito ay binigyang-kaalaman sa pamamagitan ng mga opinyon, pananaw, payo ng eksperto at katibayang nakolekta sa panahon ng pagbubuo ng Istratehiya, kabilang ang mga nanggaling sa hindi binabayarang mga tagapag- alaga at ang sektor ng pangsuporta sa tagapag-alaga.

Sa pagbubuo ng Action Plan, pinakinggan ng Pamahalaan kung ano ang sinabi ng mga tagapag- alaga na mahalaga sa kanila at isinasaalang-alang kung ano ang kayang abutin sa loob ng unang tatlong taon ng Istratehiya at mga magagamit na mekanismo ng pagpopondo.

Ang Action Plan na ito ay magtutuon sa mga paunang pagsasagawa tungo sa pagpapabuti ng kagalingan para sa mga tagapag-alaga sa pamamagitan ng paghahatid ng naaangkop na mga serbisyo ng suporta.

Ang sumusunod na katulong (suite) ng mga aksyon ay nagbabalangkas sa pangako ng Pamahalaan na:

1. Suportahan ang kagalingan ng mga tagapag-alaga sa pamamagitan ng pagrerepaso at pagpapabuti:
    a. mga natatanging serbisyo na inaalok sa pamamagitan ng Carer Gateway
    b. ang kakayahang ma-access at pagiging mapangkupkop ng Carer Gateway.
2. Pagbutihin ang pagkakatukoy at pagpupugay sa mga tagapag- alaga.
3. Pagsasapanahon ng Carer Recognition Act 2010.
4. Tiyaking ang tunay-na-buhay na karanasan ng mga tagapag-alaga ay gumagabay sa patuloy na pagpapabuti.
5. Suportahan ang mga tagapag- alaga upang makamit ang seguridad sa pananalapi.
6. Unawain ang buong ginagalawang larangan ng tagapag-alaga sa pamamagitan ng pinahusay na pagkalap ng mga datos.

Sa pamamagitan ng kooperasyong tagusan-sa-pamahalaan at patuloy na input mula sa mga tagapag-alaga at kinatawan ng sektor ng tagapag-alaga, ang paghahatid ng mga aksyong itinakda sa planong ito ay magbibigay ng matibay na pundasyon kung saan maaaring itayo ang mga plano sa pagkilos sa hinaharap.

Ang mga aksyon ay magkasamang idinisenyo sa mga tagapag-alaga at iba pang mga kaugnay na organisasyon at stakeholder. Alinsunod sa pangako ng Pamahalaan na napapaloob sa National Agreement on Closing the Gap, ang mga aksyon upang matugunan ang mga hadlang na kinakaharap ng mga tao ng Unang Mga Bansa, tulad ng pagtitiyak ng pag-access sa may-pahingang pangangalaga (respite care) para sa mga tagapag-alaga ng Unang Mga Bansa sa mga bukirin at liblib na lugar, ay ididisenyong pakikipagtulungan sa mga tao ng Unang Mga Bansa.



**Pangako 1a:** Repasuhin at pagbutihin ang mga natatanging serbisyo na inaalok sa pamamagitan ng Carer Gateway upang masuportahan ang kagalingan ng mga tagapag-alaga

## Ang gagawin natin ay

**1.1** Dagdagan ang access sa mga serbisyo ng pagpapayo sa telepono para sa mga tagapag-alaga na inihatid sa pamamagitan ng Carer Gateway sa pamamagitan ng pagpopondo ng karagdagang 10,000 session bawat taon.

**1.2** Palawigin ang mga oras na suporta at serbisyo na magagamit sa pamamagitan ng Carer Gateway at makipagtulungan sa mga tagapagbigay ng serbisyo ng Carer Gateway na pinuhin ang pag-aalok na magagamit ng mga tagapag-alaga sa ilalim ng pinalawig na may-opisinang oras at pagkatapos ng opisinang oras.

**1.3** Makipagtulungan sa sektor ng tagapag-alaga at iba pang mga stakeholder upang suriin kung paanong higit na mapabuti ang pag-access, ang kalidad at hanay ng mga suporta sa pagpapayo at mga suporta sa kalusugan ng isipan, kabilang ang mga pag-uugnay at pagsasangguni sa iba pang mga pangunahin (mainstream) at komplementaryong serbisyo.

**1.4** Makipagtulungan sa mga tagapag-alaga, sektor ng tagapag-alaga at iba pang mga stakeholder upang matukoy ang mga taktika sa pagpapabuti ng pag-access sa mga kaayusan ng may-pahinga (respite) sa pakikipagtulungan sa mga kaugnay na patakaran at mga ahensyang namamahala kabilang ang:

- mapabuti ang access sa mga kaayusan sa respite sa parehong direkta sa pamamagitan ng Carer Gateway at sa pakikipagtulungan sa Aged Care at ng NDIS
- pagtutukoy sa kasalukuyang mga modelo na matagumpay na naibabagay at ipinasadyang mga modelo ng may-pahinga sa mga sistema ng serbisyo na maaaring may pakinabang sa mga tagapag-alaga
- tukuyin ang mga mapagpipilian upang matiyak na ang mga kaayusan sa respite ay naipapasadya at nagawang pampersonal at matugunan ang mga pangangailangan ng parehong tagapag-alaga at ng tumatanggap ng pangangalaga.

**1.5** Palawakin ang kasalukuyang mga kaayusan ng suporta sa kauri (peer)na napapaloob sa Carer Gateway at ang koneksyon sa mga komplimentaryong sistema ng suporta sa kauri (peer), kabilang ang sa pamamagitan ng maipapalit na kaatasan o mga pakikipag-ayusan sa mga organisasyong may tiyak na pagkadalubhasa at karanasan sa pakikitungo sa mga partikular na populasyon, upang matiyak na ang mga tagapag-alaga ay maaaring kumonekta sa mga tao na nasa katulad na mga sitwasyon sa isang ligtas na kapaligiran, sa paraang nakakatugon sa kanilang mga natatanging pangangailangan.

**1.6** Tukuyin ang angkop at ligtas sa kulturang harap-harapan at online na pagsasanay na ipapahatid sa pamamagitan ng Carer Gateway upang masuportahan ang mga hindi binabayarang mga tagapag-alaga na magbuo ng kaalaman at mga kasanayan na kailangan nila upang maipatupad ang kanilang ginagampanang papel ng pag-aalaga kabilang ang:

- manu-manong pangangasiwa
- pang-unang lunas
- pamamahala ng gamot at pangangalaga ng sugat
- karunungan sa pananalapi
- mga module sa pagsasanay sa mental health first aid at suicide Intervention.

**1.7** Makipagtulungan sa mga kaugnay na stakeholder at ang sektor ng tagapag-alaga upang magsaliksik at magkasamang idisenyo ang pinahusay na suporta para sa mga tagapag-alaga ng Unang Mga Bansa, mga tagapag-alaga na CALD, mga tagapag-alaga na LGBTQIA +, mga tagapag-alaga na may kapansanan, mga tagapag-alaga ng mga beterano at mga batang tagapag-alaga na tumutugon sa kanilang mga natatanging pangangailangan at mapabuti ang mga kinalabasan ng serbisyo.

**Pangako 1b:** Suriin at pagbutihin ang pagiging naa-access at mapangkupkop na Carer Gateway upang masuportahan ang kagalingan ng mga tagapag-alaga

## Ang gagawin natin ay

**1.8** Sa pakikipagtulungan sa sektor ng tagapag-alaga, mga stakeholder na may partikular na pagkadalubhasa sa kaugnay na tinutukoy na mga sinaliksik na kagrupo (cohorts) at iba pang mga stakeholder, pakinabangan ang umiiral na pagka-eksperto upang bumuo ng isang plano ('blueprint') para sa dagdag-kasanayan at pagpapahusay ng pagkakaintindi sa mga kultura ng lahat ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa pamamagitan ng Carer Gateway upang matiyak ang naaangkop na paghahatid ng mga suporta para sa iba't ibang mga komunidad. Ang plano sa umpisa ay magtutuon sa nakapagpapasiglang kakayahan na may kaugnayan sa:

- Mga tagapag-alaga na mula sa Unang Mga Bansa (First Nations carers)
- mga tagapag-alaga na mula sa iba't-ibang kinagisnang kultura at wika
- mga tagapag-alaga na may kapansanan
- mga tagapag-alaga na mula sa LGBTQIA+ na komunidad.

**1.9** Magtatag ng isang nagkakatulungang grupo ng mga may kaugnayang mga stakeholder upang bumuo at magsaklaw ng mga pagpipilian at ipasulong ang mga rekomendasyon para sa pagpapabuti ng pamimiloto/pagpapasikot-sikot (navigation) na inihatid sa pamamagitan ng Carer Gateway upang mas mahusay na suportahan ang mga tagapag-alaga na nakikipag-ugnayan sa iba't- ibang mga sistema ng serbisyo.

**1.10** Makipagtulungan sa sektor ng tagapag-alaga at iba pang mga stakeholder upang:

- tukuyin at isaplano ang mga puntong-ugnayan (touch point) at inter-aksyon ng mga sistema ng serbisyo upang makatulong na mapabuti ang mga landas sa Carer Gateway
- tukuyin ang karagdagang mga pagkakataon upang mapabuti ang Carer Gateway kabilang ang pagtutuon sa:
  - heograpiko at demograpiko na pag-access
  - pagiging naa-access na kultura
  - mga proseso ng pagpapapasok at pagtatasa
- bumuo ng isang plano sa pagpapatupad upang maihatid ang mga pagpapabuti na iyon.

**Ang mga pangako 1a at 1b ay umaayon sa Mga Rekomendasyong 9, 10, 11, 13 at 14 ng Pagtatanong tungo sa pagpaparangal sa mga hindi binabayarang mga tagapag-alaga.**

### Mga suportadong layunin:

Ang mga tagapag-alaga ay nabigyang-kapangyarihan na magkaroon ng katuparan sa kanilang mga buhay habang ginagampanan ang kanilang tungkulin sa pag-aalaga.

Ang pisikal at mental na kalusugan, kaligtasan, kagalingan at pinansiyal na seguridad ng mga tagapag-alaga ay suportado.

## Mga lugar na prayoridad ang resulta

**2** Ang mga tagapag-alaga ay maaaring maka-access sa mga suporta, serbisyo at programa sa tamang oras, tamang lugar at sa tamang paraan.

**3** Tiyaking nalilinang ng mga tagapag-alaga ang kaalaman at kasanayan kapag kailangan para gampanan ang kanilang tungkulin sa pag-aalaga.

**5** Ang mga tagapag-alaga ay may access sa mga suporta na pinag-iingatan ang kanilang sikolohikal, pisikal at sosyal na kagalingan

**Pangako 2:** Pagbutihin ang pagtutukoy at pagpupugay sa mga tagapag-alaga

## Ang gagawin natin ay

**2.1** Bumuo at magpatupad ng isang komprehensibong plano sa komunikasyon, na nagtatayo sa umiiral na mga pagsisikap, upang itaguyod ang pagkakaroon ng kamalayan sa mga tagapag-alaga at mga tungkulin ng pag-aalaga, mabawasan ang mantsa ng pag-aalaga, at dagdagan ang kamalayan sa alok ng serbisyo ng Carer Gateway.

**2.2** Makipagtulungan sa kabuuang Komonwelt at mga estado at teritoryo upang suportahan ang mga tagapag-alaga na matukuyan at mabigyan ng impormasyon na may kaugnayan sa kanilang ginagampanang papel ng pag-aalaga at mga suportang magagamit sa pamamagitan ng mga taong nagtatrabaho sa mga medikal / pangkalusugang sistema at mga sistema ng edukasyon tulad ng mga GP, parmasyutiko, mga opisyal ng pakikipag-ugnayan sa ospital, mga tagapagturo at tagapayo sa paaralan.

**2.3** Galugarin ang mga paraan upang mapabuti ang propesyonal na pagsasanay at mga mapagkukunan para sa mga propesyonal sa sektor ng kalusugan upang mas mahusay na matukoy ang mga hindi binabayarang mga tagapag-alaga, kilalanin ang kanilang kadalubhasaan, at isangguni ang mga ito sa naaangkop na suporta.

**2.4** Galugarin ang mga paraan upang palakasin ang pagpupugay sa mga tagapag-alaga sa loob ng mga pinondohang sistema ng serbisyo ng pamahalaan.

**2.5** Magsagawa ng pagrerepaso sa pandaigdigang pinakamahusay na pamamaraan sa pagtutukoy at pagpaparangal sa mga hindi binabayarang tagapag-alaga at ang likas na katangian ng kanilang ginagampanang papel sa pag-aalaga sa loob ng mga komunidad at sa buong mga sistema ng serbisyo.

Tukuyin kung paano ito maipapatupad sa isang Australyanong Kalagayan upang matiyak na mapasalamatan ang kadalubhasaan at karanasan ng mga tagapag-alaga at mabawasan ang pasanin ng mga tagapag-alaga na tuwinang paulit-ulit na ipapaliwanag ang kanilang mga kalagayan.

**Ang pangako 2 ay umaayon sa mga rekomendasyong 12 at 22 sa ginawang Pagtatanong tungo sa pagpaparangal sa mga hindi binabayarang mga tagapag-alaga.**

## Mga suportadong layunin:

Ang mga tagapag-alaga ay natukoy, pinarangalan, iginalang at pinahalagahan.

Ang mga tagapag-alaga ay nabigyang-kapangyarihan na magkaroon ng katuparan sa kanilang mga buhay habang ginagampanan ang kanilang tungkulin sa pag-aalaga.

Ang pisikal at mental na kalusugan, kaligtasan, kagalingan at pinansiyal na seguridad ng mga tagapag-alaga ay suportado.

## Mga lugar na prayoridad ang resulta

**1** Nakikita at pinahahalagahan ng pamahalaan, komunidad at mga tagaserbisyo ang mga tagapag-alaga, nagpaparangal sa kanilang pagkadalubhasa at naikontribusyon, at lumilikha ng isang kalagayang nagbibigay-kakayahan sa mga tagapag-alaga na makapagpakilala sa pinakamaagang pagkakataon.

**2** Ang mga tagapag-alaga ay maaaring maka-access sa mga suporta, serbisyo at programa sa tamang oras, tamang lugar at sa tamang paraan.

**4** Ang mga tagapag-alaga ay makakapag-access, at makibahagi sa trabaho at edukasyon o pagsasanay, kabilang ang pagpapabuti sa kanilang pinansyal na kagalingan.

**Pangako 3:** Pagsasapanahon ng *Carer Recognition Act 2010*

## Ang gagawin natin ay

**3.1** Tumugon sa Pagtatanong ng Kapulungan ng mga Kinatawan sa pagpupugay sa mga hindi binabayarang mga tagapag-alaga at kumunsulta sa anumang mga susog na iminungkahi sa *Carer Recognition Act 2010*, upang matiyak na ang Batas ay napapanahon at naipapakita ang pagkakaiba't-iba ng mga tagapag-alaga ng Australya.

**3.2** Magsagawa ng gawain upang matukoy ang iba pang mga batas na may kaugnayan sa tagapag-alaga at mga lugar ng patakaran na kailangang ma-isapanahon / magkatugma.

**Ang pangako 3** ay umaayon sa mga rekomendasyong **1, 2, 3, 5, 6, 7**, at 8 ng Pagtatanong tungo sa pagpaparangal sa mga hindi binabayarang mga tagapag-alaga.

## Mga suportadong layunin

Ang mga tagapag-alaga ay natukoy, pinarangalan, iginalang at pinahalagahan.

Ang mga tagapag-alaga ay nabigyang-kapangyarihan na magkaroon ng katuparan sa kanilang mga buhay habang ginagampanan ang kanilang tungkulin sa pag-aalaga.

Ang pisikal at mental na kalusugan, kaligtasan, kagalingan at pinansiyal na seguridad ng mga tagapag-alaga ay suportado.

## Mga lugar na prayoridad ang resulta

**1** Nakikita at pinahahalagahan ng pamahalaan, komunidad at mga tagaserbisyo ang mga tagapag-alaga, nagpaparangal sa kanilang kadalubhasaan at kontribusyon, at lumilikha ng isang kalagayang nagbibigay-kakayahan sa mga tagapag-alaga na makapagpakilala sa pinakamaagang pagkakataon

**4** Ang mga tagapag-alaga ay makapag-access, at makibahagi sa trabaho at edukasyon o pagsasanay, kabilang ang pagpapabuti sa kanilang pinansyal na kagalingan.

**Pangako 4:** Tiyakin na ang tunay-na-buhay na karanasan ng mga tagapag-alaga ay maggagabay sa patuloy na pagpapabuti

## Ang gagawin natin ay

**4.1** Ang Pamahalaan ay magtatalaga ng isang nagpapatuloy na Carer Advisory Committee upang payuhan at pangasiwaan ang pagbuo ng mga plano sa pag-aksyon at pagpapatupad ng Istratehiya, kabilang ang pangangasiwa sa pagsubaybay, pagtatasa, at mga pagrerepaso ng Istratehiya. Ang Komite ay:

- pagaganahin para sa kahabaang-buhay ng Istratehiya (10 taon) at panahon ng pagrerepaso (2 taon)
- magbibigay ng taunang ulat sa Ministro tungkol sa progreso ng pagpapatupad, at pagsasakatuparan ng mga aksyon at kinalabasan ng Istratehiya.
- binubuo ng mga miyembro na kumakatawan sa iba't-ibang mga sinaliksik na mga grupo ng tagapag-alaga (carer cohorts), tunay-na-buhay na karanasan at kadalubhasaan.
- mag-uugnay sa at magkukompleto sa Parent and Carers Reference Group, kung nagkaroon ng mga lugar ng nagkakapatong ang kapakanan, habang inihahatid din ang partikular na kautusang sinusunod nito.

**Ang pangako 4** ay nakapanig sa mga rekomendasyong **13** at **16** ng Pagtatanong tungo sa pagpaparangal sa hindi binabayarang mga tagapag-alaga.

### Mga suportadong layunin:

Ang mga tagapag-alaga ay natukoy, pinarangalan, iginalang at pinahalagahan.

Ang mga tagapag-alaga ay nabigyang-kapangyarihan na magkaroon ng katuparan sa kanilang mga buhay habang ginagampanan ang kanilang tungkulin sa pag-aalaga.

Ang pisikal at mental na kalusugan, kaligtasan, kagalingan at pinansiyal na seguridad ng mga tagapag-alaga ay suportado.

## Mga lugar na prayoridad ang resulta

**1** Nakikita at pinahahalagahan ng pamahalaan, komunidad at mga tagaserbisyo ang mga tagapag-alaga, nagpaparangal sa kanilang kadalubhasaan at kontribusyon, at lumilikha ng isang kalagayang nagbibigay-kakayahan sa mga tagapag-alaga na makapagpakilala sa pinakamaagang pagkakataon.

**2** Ang mga tagapag-alaga ay maaaring maka-access sa mga suporta, serbisyo at programa sa tamang oras, tamang lugar at sa tamang paraan.

**5** Ang mga tagapag-alaga ay may access sa mga suporta na nagpoprotekta sa kanilang sikolohikal, pisikal at sosyal na kagalingan.

**6** Bumuo ng basehang katibayan tungkol sa mga tagapag-alaga upang mas maunawaan kung sino sila, pati na ang kanilang pagkakaiba't-iba, kung ano ang kanilang mga karanasan, kung ano ang gumagana para sa kanila at kung bakit.

**Pangako 5:** Suportahan ang mga tagapag-alaga upang makamit ang pinansiyal na seguridad

## Ang gagawin natin ay

**5.1** Galugarin ang mga mapagpipilian upang mapabuti ang kapwershan ng trabaho, edukasyon at pakikilahok sa pagsasanay at mga inisyatiba sa trabaho para sa mga tagapa-alaga kabilang ang:

- pagpapalawak ng Carer Inclusive Workplaces Initiative (CIWI) hanggang ika-30 ng Hunyo 2027, habang ginagalugad ang mga mapagpipilian sa masasaklawan para sa isang programa sa hinaharap
- palawakin ang Young Carer Bursary Program at Young Carer Network hanggang sa ika-30 ng Hunyo 2027, at kumunsulta sa mga pamahalaan ng estado at teritoryo at mga batang tagapag-alaga upang galugarin kung ano ang maaaring magiging hitsura ng isang programa sa hinaharap upang masuportahan ang mga batang tagapag-alaga sa kanilang edukasyon at pagsasanay.
- ipagpatuloy ang pagsuporta sa pagsasanay bago magkapasok ng trabaho na inaalok sa ilalim ng magtatapos (ceasing) na Tristate Carer Vocational Outcomes Program Pilot (TCVOP) sa pamamagitan ng Carer Gateway sa 2025-26 at palawakin na maging isang pambansang modelo na sumusuporta sa mga tagapag-alaga upang ma-access ang pagsasanay at maghanda para sa pagkaka-empleyo mula sa ika-1 ng Hulyo 2026

## Mga suportadong layunin:

Ang mga tagapag-alaga ay natukoy, pinarangalan, iginalang at pinahalagahan.

Ang mga tagapag-alaga ay nabigyang-kapangyarihan na magkaroon ng katuparan sa kanilang mga buhay habang ginagampanan ang kanilang tungkulin sa pag-aalaga.

Ang pisikal at mental na kalusugan, kaligtasan, kagalingan at pinansiyal na seguridad ng mga tagapag- alaga ay suportado

## Mga lugar na prayoridad ang resulta

**1** Nakikita at pinahahalagahan ng pamahalaan, komunidad at mga tagaserbisyo ang mga tagapag-alaga, nagpaparangal sa kanilang kadalubhasaan at kontribusyon, at lumilikha ng isang kalagayang nagbibigay-kakayahan sa mga tagapag-alaga na makapagpakilala sa pinakamaagang pagkakataon.

**2** Ang mga tagapag-alaga ay maaaring maka-access sa mga suporta, serbisyo at programa sa tamang oras, tamang lugar at sa tamang paraan.

**4** Ang mga tagapag-alaga ay makapag-access, at makibahagi sa trabaho at edukasyon o pagsasanay, kabilang ang pagpapabuti sa kanilang pinansyal na kagalingan.

**Pangako 6:** Unawain ng lubusan ang ginagalawang larangan ng tagapag-alagasa pamamagitan ng pinahusay na mga datos

## Ang gagawin natin ay

**6.1** Magsagawa ng isang proseso upang magsaliksik, mag-analisa at maunawaan ang kasalukuyang mga mekanismo ng pangangalap ng mga datos tungkol sa tapaga-alaga sa buong bansa sa pamamagitan ng mga sektor ng pamahalaang pederal, estado / teritoryo, akademiko at hindi pampamahalaan na sektor.

**6.2** Bumuo ng isang plano para sa pinahusay na regular, hindi pabago-bago na pangangalap ng mga datos upang magbigay-alam sa pagsasagawa ng desisyon, patakaran at pagbubuo ng programa.

**6.3** Makipagtulungan sa mga komunidad at organisasyon na Aborihinal at Taga-islang Torres Strait upang matiyak ang naaangkop na pagmementena at pamamahala sa soberanya ng mga datos.

**Ang pangako 6** ay nakahanay sa rekomendasyong **18** ng Pagtatanong sa pagpaparangal sa mga hindi binabayarang mga tagapag-alaga.

## Mga suportadong layunin:

Ang mga tagapag-alaga ay natukoy, pinarangalan, iginalang at pinahalagahan.

## Mga lugar na prayoridad ang resulta

1 Nakikita at pinahahalagahan ng pamahalaan, komunidad at mga tagaserbisyo ang mga tagapag-alaga, nagpaparangal sa kanilang kadalubhasaan at kontribusyon, at lumilikha ng isang kalagayang nagbibigay-kakayahan sa mga tagapag-alaga na makapagpakilala sa pinakamaagang pagkakataon.

6 Bumuo ng basehang katibayan tungkol sa mga tagapag-alaga upang mas maunawaan kung sino sila, pati na ang kanilang pagkakaiba't-iba, kung ano ang kanilang mga karanasan, kung ano ang gumagana para sa kanila at kung bakit.

# Paano natin susukatin ang progreso?

## Balangkas ng Ebidensya

Ang isang matibay na balangkas ng ebidensya na nakahanay sa mga datos, pananaliksik at pagsusuri ay kinakailangan sa pagbubuo, pagpapatupad at epekto ng Istratehiya. Ang Evidence Framework na ito ay bubuuin ng Australian Institute of Family Studies (AIFS) at magsasama ng:

- isang teorya ng pagbabago
- isang balangkas ng mga kinalabasan
- isang balangkas ng pagsusubaybay at pagtatasa.

Ang isang teorya ng pagbabago ay maaaring makatulong na mapanagot ang mga may-ari ng programa at magbuo ng pagtitiwala at kumpiyansa sa Istratehiya, sa pamamagitan ng pagtutukoy sa mga pag-aksyon, proseso at kondisyon na kinakailangan upang mapadali ang pagpapabago at makamit ang ninanais na mga kinalabasan.

Ang balangkas ng kinalabasan ay magtutukoy sa mga progresibong tagapahiwatig at mga panukat sa kinalabasan upang paganahin ang pagtatasa sa nagiging progreso at epekto ng Istratehiya.

Ang balangkas ng pagtatasa ay bubuuin at magbabanghay kung paano natin susukatin ang epekto ng mga aksyong ginagawa tungo sa pagkamit ng pinapangarap ng Istratehiya.

Ang mga aktibidad sa pagtatasa ay magiging parehong dami (quantitative) (halimbawa: pagsusukat ng mga pagbabago sa paglahok ng mga tagapag-alaga sa kapwershan ng trabaho) at husay (qualitative) (halimbawa: pagsisiwalat sa mga positibong pagbabago na naranasan ng mga tagapag-alaga). Ang mga ulat sa pagtatasa ay magagamit sa publiko.



## 2024 2027: Nagtulak sa pagpapabago

Itong paunang plano ng pagkilos ay binuo gamit ang isang malaking pinagbasehang katibayan na nakalap sa pamamagitan ng pagbubuo ng Istratehiya.

## 2028 2034: Patuloy na pagkilos

Sa paglipas ng buhay ng Istratehiya, ang karagdagang aksyon ay gagawin sa konsultasyon sa mga tagapag alaga, sektor ng suporta sa tagapag-alaga at Pamahalaang Komonwelt upang maihatid ang pananaw ng Istratehiya.

## 2030 2031: Pagtatasa sa bandang kalagitnaan

Ang isang pagtatasa sa bandang kalagitnaan ng istratehiya ay magtatasa sa naging epekto, pagiging epektibo at pagiging angkop ng mga aksyon na isinagawa. Ang pagrerepaso ay ikukunsiderahin din ang pagkakahanay sa iba pang mga reporma sa lipunan upang matukoy ang antas ng muling-pagsasaayos (recalibration) at muling pag-aasinta (refocus) ng Istratehiya upang mapanatiling tumutugon sa mga nagbabagong mga pangangailangan ng komunidad ng tagapag-alaga.

## 2035 2037: Pangwakas na pagtatasa

Ang Istratehiya ay irerepaso at tatasahin upang matasa ang naging epekto at pagiging epektibo ng mga aksyon na inihatid sa kabuuang buhay ng Istratehiya. Ang pagrerepaso ay inaasahang magbibigay ng mga rekomendasyon sa pamahalaan sa mga lugar na para sa pamumuhunan sa hinaharap, na may kaugnayan sa mga tagumpay at mga puwang at mga lugar para sa pagpopokus na isasaalang-alang sa mga patakaran at programa sa hinaharap.



# Mga Karagdagan

## Karagdagan 1: Talasalitaan ng mga kataga

| Kataga | Pagpapaliwanag |
|---|---|
| **Naa-access** | Ang mga tao na nagmula sa hanay ng nagkakaibat-ibang kinagisnan, mga kakayahan, lokasyon at demograpiko ay nabigyan ng pagkakataon upang makakuha ng kaparehong impormasyon, makisali sa kaparehong mga pakikipag-ugnayan, at tamasahin ang kaparehong mga serbisyo sa isang magkapantay ang epekto at magkapantay na pinagsama-samang paraan, na may malaking katumbas sa madaling paggamit. |
| **Plano sa Pagkilos** | Ang paunang hanay ng mga istratehikong aksyon na ipapatupad mula 2024 hanggang 2027 upang masuportahan ang mga hindi binabayarang mga tagapag-alaga. |
| **Kamalayan** | Ang kaalaman ng komunidad at ng bawat isa sa mahahalagang papel na ginagampanan ng mga nag-aalaga sa mga komunidad, ang mga hamon na kinakaharap nila at ang kahalagahan ng pagsuporta sa mga ito. |
| **Nagkakaiba't-ibang kinagisnang kultura at wika (CALD)** | Nagkakaiba't-ibang Kinagisnang Kultura at Wika: tumutukoy sa mga indibidwal at komunidad na nagmula sa iba't-ibang kinagisnang kultura na nagsasalita ng iba't-ibang wika. |
| **Nakasentro-sa-Tagapag-alaga** | Ang isang diskarte na nakatuon sa tagapag-alaga ay nangangahulugan ng isang patakaran o programa na nagbibigay diin sa indibidwal na pangangalaga, na tinitiyak na ang mga serbisyo ay nababagay sa mga tiyak na pangangailangan at kagustuhan ng bawat tao. Itinataguyod nito ang dignidad, awtonomiya, at kumprehensibong kagalingan, habang sinusuportahan ang mga tagapag-alaga sa mga kinakailangang mga mapagkukunan at pagsasanay upang maihatid ang magalang at epektibong pangangalaga. |
| **Programa ng mga libreng serbisyo at tulong para sa tagapag-alaga** | Ang Carer Gateway ay isang programa ng Pamahalaan ng Australya na nagbibigay ng libreng serbisyo at suporta para sa mga tagapag-alaga. Makakatulong ito kung ang kapamilya o kaibigan na may kapansanan, isang kondisyong medikal, sakit sa pag-iisip, o taong mahina na dahil sa katandaan. |
| **Ginagalawang larangan ng Tagapag-alaga** | Ang pangkalahatang kapaligiran at konteksto na pinaggagalawan ng mga tagapag-alaga, kabilang ang mga patakaran, serbisyo, at mga sistema ng suporta na magagamit nila. |
| **Pangako** | Isang pangako o matibay na desisyon na gawin ang isang bagay. |
| **Pagkonsulta** | Ang aksyon o proseso ng pormal na pagkonsulta o pagtalakay. |
| **Mga nagkakatulun-gang pagsisikap** | Mga pinagsama-samang inisyatiba na kinasasangkutan ng maraming partido na nagtutulungan upang makamit ang mga karaniwang layunin sa pagsuporta sa mga tagapag-alaga. |
| **Patuloy na pagpapabuti** | Patuloy na pagsisikap na mapahusay ang mga serbisyo, proseso, at kinalabasan batay sa balikpuna at mga umuunlad na pangangailangan. |
| **Pagkalap ng mga datos** | Ang proseso ng pagkolekta at pagtatala ng impormasyon na may kaugnayan sa mga tagapag-alaga at kanilang mga karanasan, pangangailangan at serbisyo. |
| **Pamamahala ng mga datos** | Ang Indigenous / First Nations Data Governance ay ang pagsasabatas ng Paghahari ng Katutubong Data at tumutukoy sa mga mekanismo na sumusuporta sa paggawa ng desisyon ng mga tao mula sa Unang Mga Bansa, na kung paano kinokontrol, kinokolekta, binibigyang kahulugan, naa-access, nakatago, at ginagamit. |
| **Paghahari ng mga datos** | Ang Paghahari ng Mga Datos ng Katutubo / Unang Mga Bansa ay nakapaloob sa United Declaration of the Rights of Indigenous Peoples at ito ay pinakamahalaga sa komprehensibo at etikal na pagkokoleka ng datos na sumusuporta sa mga karapatan ng mga mamamayang Aborihinal at Mga taga-islang Torres Strait na pamahalaan ang kanilang sariling data, kabilang ang paglikha, koleksyon, at paggamit nito. |

| Kataga | Pagpapaliwanag |
|---|---|
| **Binigyang-kapangyarihan** | Ang ibig sabihin ng empowered ay nagpapahintulot sa mga tagapag-alaga na gumawa ng mga desisyon at gumawa ng mga aksyon sa loob ng mga tiyak na patnubay upang mapabuti ang pangangalaga at suporta, na nagpapalaki ng kanilang kakayahan sa epektibong pagtugon. |
| **Basehan ng ebidensya** | Ang basehan ng ebidensya ay tumutukoy sa koleksyon ng mga magagamit na mga datos at pananaliksik na gumagabay sa paggawa ng desisyon upang hubugin at ipatupad ang mga patakaran. |
| **Balangkas ng ebidensya** | Isang nakabalangkas na pamamaraan na naghahanay sa mga datos, pananaliksik, at mga pamamaraan ng pagsusuri upang ipagbigay-alam ang pagkabuo at pagpapatupad ng istratehiya. |
| **Unang Mga Bansa** | Mga katutubong mamamayan ng Australya, kabilang ang mga komunidad ng Aborihinal at Taga-islang Torres Strait. |
| **Naibababagay at ipinasadyang mga modelo ng may-pahinga** | Ang mga pasadyang (customized) may pahingang pangangalaga (respite care) na mapagpipilian na idinisenyo upang matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng parehong tagapag-alaga at nang tumatanggap ng pangangalaga. |
| **Plano ng pagpapatupad** | Ang isang istratehikong balangkas na nagdedetalye kung paano ipatutupad ang mga natukoy na pagpapahusay, kabilang ang mga pag-iskedyul (timeline) at mga responsibilidad. |
| **Mapangkupkop** | Ang mapangkupkop na diskarte para sa lahat ng mga tagapag- alaga sa pamamagitan ng pagtitiyak ng pantay-pantay na pag-a-access sa mga mapagkukunan, suporta, at mga pagkakataon. Binabalangkas nito kung paano mapapaunlakan ang magkakaibang mga pangangailangan at kinagisnan, na nagtataguyod ng isang kapaligiran para umunlad at ma-epektibong mag-ambag ang bawa't tagapag-alaga. |
| **Pagtatanong** | Ito ay nagtatatag ng mga patnubay sa pangangasiwa ng mga pagtatanong sa loob ng organisasyon. Tinutukoy nito ang proseso para sa pagsusumite, pagsubaybay, at pagtugon sa mga pagtatanong upang matiyak ang tama sa oras at tumpak na pangangasiwa. Tinutukoy nito ang mga responsibilidad, oras ng pagtugon, at mga pamamaraan ng komunikasyon upang mapanatili ang may pagkamalinaw at pagka-episyente. Isang pormal na pagsisiyasat o pagsusuri sa isang partikular na isyu, sa kasong ito, ang pagpaparangal sa mga hindi binabayarang mga tagapag-alaga. |
| **LGBTQIA+** | Tumutukoy sa tomboy, bakla, bisexual, transgender, queer, intersex, asexual, at iba pang pagkakaiba-ibang turing sa sekswal o kasarian ng mga tao. |
| **Pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga** | Isang balangkas na may layuning magbigay parangal, magpahalaga at suportahan ang mga hindi binabayarang mga tagapag-alaga sa Australya. |
| **Pambansang Komite sa Pagpapayo sa Tagapag-alaga** | Isang grupo ng mga hindi binabayarang mga tagapag-alaga na nagmula sa nagkakaiba't-kinagisnang kultura at wika na nagbibigay ng mga pananaw at patnubay sa pagbubuo ng Istratehiya. |
| **Paglalayag (Navigation)** | Ang proseso o aktibidad ng epektibong paghahanap at pag-access sa mga kinakailangang serbisyo at mapagkukunan. |
| **Balangkas ng Mga Resulta** | Isang nakabanghay na diskarte upang masukat ang pagiging epektibo at naging epekto ng mga aksyon na isinagawa alinsunod sa Istratehiya. |
| **Mga sukat ng kinalabasan** | Mabibilang na mga puntos sa mga datos (quantifiable data points) na ginamit upang matasa ang pagiging epektibo ng Istratehiya sa pagkamit ng mga hinahangad nitong layunin. |
| **Pinangunahan ng mga kauri** | Ang isang entidad, programa, o serbisyo ay inihatid o ipinalakad (facilitate) ng isang taong may angkop na karanasan sa tunay-na-buhay. Bilang nasa kaugnayan (context) ng Istratehiya, ito ay tumutukoy sa pinangungunahan ng tagapag-alaga o pinangungunahan ng magkauri sa trabaho o edad (demographic) na suporta. Halimbawa, isang LGBTQIA+ na pangsuportang grupo na pinamumunuan ng isang tao na miyembro ng LGBTQIA+ na komunidad. Ang isa pang halimbawa ay isang komite na nagpapayo (advisory committee) na binubuo ng mga taong may kaugnay na tunay-na-buhay na karanasan. |
| **Patakaran** | Isang gabay o istratehiya na may layuning tugunan ang mga pangangailangan at paghamon na kinakaharap ng mga tagapag-alaga. |

| Kataga | Pagpapaliwanag |
|---|---|
| **Pagbuo ng programa** | Ang proseso ng pagdidisenyo at pagpapatupad ng mga inisyatiba at serbisyo na naibabagay upang masuportahan ang mga tagapag-alaga batay sa mga pananaw na isinusulong ng mga datos. |
| **Mga progresibong tagapagpahiwatig** | Ang mga pangsukat na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pagsulong ng mga tiyak na layunin o kinalabasang napapaloob sa Istratehiya. |
| **May kalidad (qualitative) na pagtatasa** | Mga pamamaraan ng pagtatasa na nakatutok sa nakalarawang mga datos upang masalikop ang mga personal na karanasan at pagbabago kagaya ng pag-uulat sa naging epekto sa mga buhay ng mga tagapag-alaga |
| **Mabibilang (quantitative) na pagtatasa** | Mga pamamaraan ng pagtatasa na nagsasangkot ng nakanumerong mga datos upang masukat ang mga kinalabasan katulad ng mga pagbabago sa pakikilahok sa kapwershan ng trabaho ng mga tagapag-alaga. |
| **Pagpaparangal** | Paano pinasasalamatan ng komunidad ang mga naging kontribusyon ng mga tagapag-alaga, na layuning maghikayat at pahalagahan ang mga taong may nagawang malaking kontribusyon sa komunidad. |
| **May-pahingang Pangangalaga (Respite Care)** | Ang may-pahingang pangangalaga ay nagbibigay ng pansamantalang kaluwagan, na pinahihintulutan ang mga tagapag-alaga na makapagpahinga, pamahalaan ang stress, o dumalo sa mga dapat-gawing bagay na personal. |
| **Mga Kaayusan ng Respite** | Mga serbisyo sa pansamantalang pangangalaga na nagpapahintulot sa mga tagapag-alaga na makapagpahinga habang tinitiyak na ang kanilang mga taong tumatanggap ng pangangalaga ay suportado |
| **Mga kinalabasan ng serbisyo** | Ang mga resulta o naging epekto ng mga serbisyo na ibinigay sa mga indibidwal, lalo na sa mga tuntunin ng pagiging epektibo at serbisyo. |
| **Mga puntong-ugnayan (touch point) ng sistema ng serbisyo** | Mga tiyak na pakikipag-ugnayan o mga punto ng pakikipag-ugnay na napapaloob sa sistema ng paghahatid ng serbisyo na nararanasan ng mga tagapag-alaga at ng taong tumatanggap ng pangangalaga. |
| **Mga Namuhunan** | Mga indibidwal o organisasyon na may interes o pamumuhunan sa mga kinalabasan ng Istratehiya, kabilang ang mga tagapag-alaga, mga tagapagbigay ng serbisyo, at mga komite na nagpapayo. |
| **Mga teorya ng pagbabago** | Ang isang komprehensibong paliwanag kung paano at bakit ang isang ninanais na pagbabago ay inaasahang mangyayari, na nagdedetalye ng mga kinakailangang aksyon, proseso at kondisyon. |
| **Natatanging mga pangangailangan** | Tinutugunan nito ang mga partikular na pangangailangan ng mga indibidwal na tagapag-alaga sa pamamagitan ng pagbigay pansin at pagpapaunlak sa mga natatanging kinakailangan. Binabalangkas nito kung paano matutukoy at matugunan ang mga pangangailangang ito upang matiyak ang epektibong paghahatid ng suporta at pangangalaga. Layunin nitong iakma ang tulong sa mga kalagayan ng bawat tagapag-alaga, na nagpapalawak sa kanilang kakayahang makapagbigay ng may kalidad na pangangalaga. |
| **Hindi binabayarang tagapag-alaga** | Isang taong nagbibigay ng personal na pangangalaga, suporta at tulong sa ibang tao na nangangailangan nito dahil ang ibang tao na iyon ay may kapansanan, isang kondisyong medikal (kabilang ang isang terminal o talamak na sakit), isang sakit sa pag-iisip, o mahina at may katandaan na.<br><br>Ang mga tagapag-alaga na tumatanggap ng pinansiyal na suporta tulad ng bayad sa Carer o allowance ng Carer ay kinabibilangan ng kahulugang ito. |
| **Kagalingan** | Upang suportahan ang pisikal, mental, at emosyonal na kagalingan ng mga tagapag-alaga. Tumutulong sa tagapag-alaga na mapanatili ang isang malusog na pagbabalanse sa pagitan ng kanilang mga responsibilidad sa pag-aalaga at personal na buhay, na layuning mabawasan ang sakit na stress at mapahusay ang pangkalahatang kalidad ng buhay. |
| **Grupo ng mga nagtatrabaho** | Isang nakakatulungang pangkat na binuo upang tumutok sa mga tiyak na gawain o proyekto. |

National
Carer
Strategy